REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 92-250

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG BAGONG ORGANIZATIONAL SET-UP NA NILILIKHA ANG MGA PERMANENTENG (PLANTILLA) POSISYON SA MANPOWER TRAINING AND LIVELIHOOD DEVELOPMENT CENTER NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga permanenteng posisyon sa isang tanggapan at pagkakaloob ng kaukulang sahod ay nararapat para sa maayos na galaw at pagtupad ng tungkulin ng mga mahihirang dito;

SAPAGKAT, di na umaayon sa kasalukuyang pangangailangan at gawain ang umiiral na dating istraktura ng organisasyon;

SAPAGKAT, ang mga permanenteng posisyon na lilikhain ay kinakailangan upang mapangalagaaan at magkaroon ng kasiguruhan sa hinirang na tungkulin ang mga kawani at pinuno para sa kanilang kapakinabangan bunga ng matapat na paninilbihan at maayos na pagtupad sa tungkulin;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan na pagtibayin ang bagong organizational set-up na nililikha ang mga permanenteng (plantilla) posisyon sa Manpower Training and Livelihood Development Center ng Muntinlupa at ang pagbibigay ng kaukulang sahod na naaayon sa umiiral na pasahod sa mga kawani ng pamahalaan, at napagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Joint Commission on Local Government Personnel Administration, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal; Komisyon ng Serbisyo Sibil, Komisyon ng Kalakhang Maynila at ang Tanggapan ng Pantauhan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 191st regular na pulong na ginanap ngayong ika-17 ng Pebrero, 1992 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts